ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo
Tomo LI Blg. 17
Setyembre 7, 2020
www.cpp.ph




EDITORYAL

# Ubos-kayang kumilos para wakasan ang dilim ng bagong batas militar

Sa loob ng ilang araw, gugunitain ng sambayanang Pilipino ang ika-48 taon ng pagpapataw ng batas militar ng diktadurang Marcos. May dagdag na halaga ang paggunita sa araw na ito dahil marami ang pagkakahalintulad ng sitwasyon noon sa kasalukuyang kalagayan. Malalim ang kabuluhan ng mga aral sa 14-taon pakikibaka laban sa diktadura na dapat gamiting gabay sa pagharap at paglaban sa pasistang tirano ni Duterte.

Animo'y hinila ni Duterte ang bansa paatras sa madilim na panahon ng batas militar ni Marcos sa anyo ng walang-habas na paninibasib sa demokrasya at kalayaan. Tulad noon, sistematikong ipinagkakait ang mga karapatan ng mamamayan at sinusupil ang kanilang mga pakikibaka upang tuluy-tuloy na makapamayagpag si Duterte at ang kanyang mga kroni at alipures.

Gaya ng dating diktador, hindi maibsan ang uhaw sa kapangyarihan at yaman ni Duterte. Gamit ang armadong pwersa ng estado para padanakin ang dugo at sindakin ang lahat, itinatag niya ang kanyang di pwedeng kwestyuning awtoridad. Lahat ay dapat lumuhod at magsumamo. Si Duterte ay isang walang kabusugang halimaw na hindi nahahangganan ang kabangisan sa pagpuksa sa mga hahamon sa kanyang paghahari-harian.

Nakaupo siya sa balikat ng mga pulis at sundalo. Hari siya ng kalupitan at brutalidad. Dinuraan at niyurakan niya ang mga karapatan ng taumbayan. Walang patumangga ang mga pagpatay at iba't ibang anyo ng terorismo at karahasan laban sa mahihirap na mamamayan at sa sinumang naninindigan at lumalaban para sa bayan. Sa apat na taon lamang, hinigitan na ni Duterte ang dating diktador sa dami ng pinatay ng mga armadong ahente ng estado.

Walang ibang pakay ang habampanahon niyang mga digmaan kundi ang supilin at patahimikin ang sambayanan at para busugin sa gera ang kanyang mga sundalo at pulis. Labis na kamuhi-muhi ang malawak na kapalpakan, kainutilan at krisis sa kabuhayang idinulot ng kanyang pasistang tugon sa pandemyang Covid-19.

Si Duterte ngayon ang hari ng burukratang kapitalismo. Siya ang punong panginoon ng droga sa Pilipinas. Siya ang pinakamalaking traydor sa kalayaan at soberanya ng Pilipinas, at kasabwat ng China sa pandarambong sa yaman ng bansa. Hungkag sa pagiging anti-Amerikano na walang nagawa kundi yumuko sa imperyalistang amo.

Sa paggunita sa batas militar ni

Marcos sa harap ng todo-todong pasismo ni Duterte, alalahanin at paghalawan natin ng inspirasyon at tapang ang kabayanihan ng sambayanang Pilipino, ng laksa-laksang libong anak ng bayan na walang pag-aalinlangang tumahak sa mahirap at mapanganib na landas ng pakikibaka, nagsakripisyo at nagbuwis ng buhay para wakasan ang diktadura. Kabilang sa kanila ang maraming nagtungo sa kanayunan, upang ipunla at payabungin ang armadong rebolusyon.

Sa madidilim na taon ng batas militar nag-aklas ang mga manggagawa para ipaglaban ang kanilang mga karapatan at kagalingan, gayundin ang hangarin ng buong bayan para sa kalayaan. Nagmartsa nang daan-daang kilometro ang mga magsasaka at maralita. Ang mga plasa at lansangan ay naging malaking paaralan para sa mga estudyante kung saan nalinang ang kanilang talino at natuto sa mga aral ng kasaysayan at pakikibaka. Ang kanayunan at mga kabundukan ay naglagablab sa malawak na armadong paglaban at nagsilbing muog ng demokratikong kapangyarihan ng sambayanan. Ang lahat ng batis ng paglaban ay umipon sa makapangyarihang ilog ng pakikibaka at humantong sa malaking pagbabangon.

Ang hangarin ng sambayanan noon na lumaya mula sa batas militar ni Marcos ay siya ring hangad ngayon ng sambayanan na makalaya mula sa panunupil at pang-aapi ng tiranong Duterte. Sa ilalim ng buhong na rehimeng Duterte, nakasubsob ngayon ang mayorya ng sambayanang Pilipino sa wala pang kapantay na krisis sa kabuhayan, kahirapan at kalusugan, habang namamayagpag ang mga kroni at dayong kakutsaba ni Duterte sa korapsyon, pasismo at pandarambong.

Gamit ang sindak ng bagong Anti-Terror Law, mga pagpatay, pagdukot at pang-aaresto, pinatatahimik at pinipilay ng rehimeng Duterte ang demokratikong paglaban ng mamamayan. Lahat ng taktika ay ginagamit upang unahan ang anumang pagsisikap ng mamamayan na mabuo sa isang malapad na prente ang lahat ng demokratikong pwersa at sabay-sabay na kumilos sa isang makapangyarihang pagbabangon.

Hinihikayat ng Partido ang sambayanang Pilipino at ang kanilang demokratikong kilusang masa na puspusang kumilos at biguin ang pagtatangka ng rehimeng Duterte na tuluyan silang supilin. Dapat gamitin ang lahat ng posibleng paraan para malawakang pakilusin ang mamamayan.

Dapat pangibabawan ang mga paghihigpit sa karapatan na ipinatupad ni Duterte sa tabing ng pagtugon sa pandemyang Covid-19. Ang paglimita sa pampublikong transportasyon, ang pagbabawal sa mga kabataan na lumabas sa bahay at mga paghihigpit sa pangmasang pagtitipon ay nagsisilbing praktikal na balakid sa malawakang pagpukaw, pag-oorganisa at pagpapakilos sa masa.

Dapat tandaan na walang paghihigpit na ganap na makahahadlang sa pagkilos ng mamamayang mulat at determinadong lumaban para wakasan ang paghahari ng kasamaan ni Duterte. Ang susi ay ang pagpukaw sa mamamayan at pagtataas ng kanilang kamulatan at kahandaang kumilos.

Dapat tuluy-tuloy na palakasin ang gawaing propaganda at edukasyon sa masa na sinasamantala kapwa ang pagpapadaloy ng impormasyon, mga pahayag at panawagan sa pamamagitan ng *internet* kung saan meron, kaalinsabay ng pagpapalakas at pagpapalawak ng paglalabas ng regular na mga pahayagan at mga polyeto bilang solidong daluyan ng propaganda.

Sikaping itransporma ang mga pabrika at komunidad tungong mga sentro ng pampulitikang aktibidad sa pamamagitan ng paglulunsad ng mga pang-masang talakayan hinggil sa mga pang-araw-araw na usaping kinakaharap ng masa, kung papaano nakadugtong ang kanilang mga problema sa kasalukuyang takbo ng bansa at kung bakit kailangang kumilos. Sa mga lugar na militarisado, dapat gamitin ang mga malikhaing paraan para ikutan ang pagmamanman at paghihigpit ng mga

*"Ubos-kayang...," sundan sa pahina 3*

ANG Bayan

Tomo LI Blg. 17 | Setyembre 7, 2020

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

instagram.com/prwcnewsroom

@prwc_info

cppinformationbureau@gmail.com

## Nilalaman

**Editoryal:** Ubos-kayang kumilos para wakasan ang dilim ng bagong batas militar 1
Pag-*blacklist* sa mga kumpanyang Chinese 3
Protokol pangkalusugan, produksyon 4
Katipunero noon, Pulang mandirigma ngayon 5
Protesta sa Bantayog 5
FMO sa NCMR, nilabanan 5
Perwisyong hatid ng pangungutang 6
Sa madaling salita 7
Hustisya para sa mga *desaparecido* 7
Kalupitan sa mga Aeta ng Zambales 8
Industriya sa parmasyutika 9
Abot-langis na presyo ng mga gamot 9
Lider-lumad, pinaslang sa North Cotabato 10
Hepe, 11 pulis kinasuhan ng Kadamay 10
Ayuda, taas-presyo ng kopra 10

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

*"Ubos-kayang...," mula sa pahina 2*

ahente ng estado.

Dapat ubos-kayang isulong ang demokratikong pakikibakang masa ng batayang mga uri at sektor. Ang lakas at tapang ng masang anakpawis ang maghihikayat sa iba pang mga uri at pwersa na manindigan at lumaban, kabilang ang mga nasa konserbatibong oposisyon at mga alyado nito sa loob ng militar at pulis na sawa na kay Duterte. Dapat palakasin at ibayong palawakin ang nagkakaisang prente ng lahat ng pwersang demokratiko sa pananawagan para sa pagbibitiw ni Duterte o pagpapatalsik sa kanyang poder.

Dapat tuluy-tuloy na paigtingin at palawakin ng Bagong Hukbong Bayan ang pakikidigmang gerilya sa buong bansa. Katuwang ang milisyang bayan at mga yunit sa pagtatanggol-sa-sarili, dapat paduguin sa libu-libong sugat ang pasistang rehimen upang makatulong kapwa sa pagbwelo ng mga pakikibakang masa at ibayong pagpapalakas ng hukbo at ng mga organo ng demokratikong kapangyarihan ng bayan.

Hindi dapat pabayaang makapaghari nang walang pakundangan ang pasistang rehimeng Duterte. Habang nagtatagal at lalong nagiging mabangis, lalo nitong pinapaypayan ang galit at determinasyon ng bayan na lumaban, at lalong napapalapit ang araw ng pagtatapos sa bagong paghaharing militar ni Duterte. AB

# Pag-*blacklist* sa mga kumpanyang Chinese, ipinanawagan

Ipinanawagan noong ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) noong Setyembre 2 na ipatupad ang internasyunal na diplomatiko at ekonomikong mga pagsisikap para itulak ang gubyerno ng China na tupdin ang mga obligasyon nito sa umiiral na mga internasyunal na kasunduan at instrumento kaugnay sa South China Sea at galangin ang soberanya ng ibang mga bansa rito.

Ito ay matapos ianunsyo ng US noong Agosto 26 ang inisyatibang ipa-*blacklist* (pagpapataw ng restriksyon sa kalakalan at byahe) ang 24 na kumpanya na Chinese, mga upisyal nito at iba pang mga indibidwal na sangkot sa reklamasyon at pagtatayo ng hindi bababa sa pitong pasilidad militar sa South China Sea sa loob ng Philippine *exclusive economic zone* (EEZ).

Kabilang dito ang China Communications Construction Company (CCCC), ang CCCC Dredging Group, China Shipbuilding Group, ang China Harbor Engineering Company (CHEC) ng CCCC, ang China Electronics Technology Group Corporation, Beijing Huanjia Telecommunication Company, Chongxin Bada Technology Development Company, Shanghai Cable Offshore Engineering Company, Tianjin Broadcasting Equipment Company at iba pa. Ang CCCC ang humalili sa China Road and Bridge Corporation (CRBC) na tinukoy ng World Bank noong 2009 na imbwelto sa pandarambong sa Pilipinas at kalauna'y pinatawan ng mga sangksyon. Ang mga kumpanyang ito ay mayoryang pag-aari ng estado o di kaya'y kasosyo ng gubyerno ng China.

Marami sa mga kumpanyang ito ang sangkot din sa iba't ibang proyektong imprastruktura ni Duterte sa ilalim ng kanyang programang Build, Build, Build. Nalantad kamakailan na may limang kasunduan ang gubyernong Duterte at CCCC para sa mga proyekto sa Manila, Davao, Cebu at Clark. Ang CCCC ay sangkot din sa proyektong Sangley Point International Airport, kasosyo ang MacroAsia Corp. na pag-aari ng kroni ni Duterte na si Lucio Tan. Ang nangungunang kroni ni Duterte na si Dennis Uy ay kasosyo naman ng CHEC sa $1.2-bilyong proyektong reklamasyon sa lugar.

Iginiit ng PKP na dapat idemanda ng gubyerno ng Pilipinas ang China sa mga internasyunal na korte sa paglabag nito sa soberanong mga karapatan ng bansa at pagbayarin ng kumpensasyon para sa mga pinsala at di bayad na upa ng mga base militar nito. Tinatayang mas malaki ang kompensasyon na matatanggap dito kumpara sa ipinangakong $24-bilyong pautang na mataas ang interes para sa napakamahal na proyektong imprastruktura na gawa ng mga kontraktor at manggagawang Chinese sa bansa.

Sa negosasyong pangkapayapaan sa pagitan ng GRP at NDFP noong 2016-2017, paulit-ulit na ipinahayag ng NDFP *negotiating panel* at ng *chief political consultant* nito sa GRP *negotiating panel* at kay Duterte mismo na dapat gawin ang lahat upang igiit, gamitin at ipagtanggol ang soberano at karapatang dagat ng Pilipinas sa EEZ at *extended continental shelf* (ECS) nito sa West Philippine Sea. Tinatayang nagkakahalagang $1 trilyon ang rekursong dagat na matatagpuan sa EEZ ng Pilipinas.

Nanawagan din ang PKP ng pagkakaisa ng internasyunal na komunidad, partikular sa pagitan ng Pilipinas, Malaysia, Vietnam, Indonesia at iba pang kanugnog na mga bansang ang soberanya ay niyuyurakan ng China sa pagkukumahog nito na pagharian ang South China Sea. AB

**₱ 231.7 bilyon**
TAYANG HALAGA NG **YAMANG-DAGAT NA SINIRA NG CHINA**

**$ 26 trilyon**
**REKURSONG LANGIS AT GAS** NA MATATAGPUAN SA **EEZ NATIN**

**1.9 milyon kilo**
**ISDA** ANG **NAMAMATAY TAUN-TAON**
dahil sa pagkawasak ng mga bahura dulot ng mapangwasak na pangingisda ng China.

Tugon ng masa at hukbong bayan kontra gutom at pandemya

# Protokol pangkalusugan at produksyon

Tuluy-tuloy ang kampanya ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) para sa kalusugan ng mamamayan habang hindi pa naaapula ang pandemyang Covid-19. Sa 17 baryo sa Samar, tulung-tulong ang hukbong bayan at mga organisasyong masa sa paghahanda sa posibleng pagkalat ng sakit sa kanilang mga baryo. Nagtakda sila ng mga protokol pangkalusugan kada baryo sakaling may mahawa at naghanda ng mga pasilidad sa kwarantina.

Sunud-sunod na inilunsad ng mga Pulang mandirigma ang mga kampanyang pangkalusugan sa gitna ng masisinsing operasyong militar ng Armed Forces of the Philippines noong Hunyo. Sa isang larangang gerilya, nagbigay ng batayang pagsasanay medikal ang apat na yunit ng BHB sa mga komiteng pangkalusugan ng mga rebolusyonaryong organisasyon ng magsasaka. Pagkatapos nito, naglunsad ng klinikang bayan ang bagong-sanay na mga medik para sa tsek-ap, dental, menor na operasyon at tradisyunal na paggagamot. Mahigit 400 residente mula sa apat na baryo ang nakabenepisyo rito.

Gayundin, sinisikap ng mga Pulang mandirigma na maging huwaran sa kalinisan at sanitasyon. Nagsusuot sila ng *face mask* kapag kaharap ng masa at sumusunod sila sa itinakdang protokol sa *social distancing* at tinitiyak ang kalinisan sa loob ng mga base. Ginagamit nila ang mga tradisyunal na pamamaraan ng paggamot gaya ng akupangtura at mga *herbal* na medisina.

Para mapunan ang malaking kakulangan ng gamot sa mga baryo, pinangunahan ng mga Pulang mandirigma ang paggawa ng *herbal garden*, produksyon ng mga bitamina at medisinang *herbal* tulad ng lagundi *syrup* at *powder,* at pagpapasigla ng produksyon para sa masustansyang pagkain.

### Kulang na kulang na pagkain

Lalong pinalala ng militarisasyon at mga restriksyon sa pagkilos ng mga magsasaka ang dati nang krisis sa pagkain na dinaranas ng mamamayan sa rehiyon. Bago pa ang pandemya, matindi na ang kagutuman at kawalan ng produktong pagkain sa Eastern Visayas.

Sa tala ng *Larab,* rebolusyonaryong publikasyon ng rehiyon, 32% lamang ng kabuuang lupaing agrikultural sa Eastern Visayas ang tinatamnan ng produktong pagkain katulad ng palay, halamang-ugat at gulayin. Malaking bahagi nito—63% o 455,134 ektarya—ang nakatuon sa pagtatanim ng produktong komersyal gaya ng niyog at abaka na mga produktong pang-eksport.

Mahigit isang dekada nang bagsak ang produksyon ng palay sa rehiyon. Taong 2008 pa huling nakapagprodyus ng isang milyong metriko toneladang palay ang Eastern Visayas. Bumagsak pa ito nang 11% noong 2019.

Sa pag-aaral ng *Larab*, hindi sasapat ang naipong palay ng isang pamilyang may 10 myembro mula sa pagtatrabaho sa mga palayan at pagkakarga ng inaning palay upang makakain sa buong taon.

Kung kakain sila ng kanin nang dalawang beses kada araw, inaasahang 35% o 19 na sako ng 54 sakong naipong palay na lamang ang matitira. Obligado na muling magtrabaho bilang kargador ng palay ang pamilya o kundi ay isang beses kada araw na lamang kakain ng kanin sa susunod na siyam na buwan bago ang tag-ani.

Sa panahon na kulang ang bigas, bumabaling ang mga magsasaka sa pagkain ng kamote, kamoteng-kahoy at saging. Pero ang produksyon ng mga ito ay 19% (73,411 ektarya) lamang kung ikukumpara sa lupang tinatamnan ng niyog.

Gayundin, hindi sasapat ang itinakdang arawang sahod sa rehiyon na ₱236-₱238 kada araw para tugunan ang kanilang pangangailangan. Sa pagkain pa lamang bawat araw, ang isang pamilyang may limang myembro ay kailangang kumita ng ₱135 para makapag-kanin ng dalawang beses. Hindi pa kabilang dito ang ibang gastusin.

Wala ring maaasahan ang mga magsasaka sa pagbebenta ng kopra. Dumausdos ang presyo nito tungong ₱8 kada kilo matapos manalasa ng bagyong Ambo noong Mayo. Apektado rin ng bagyo ang produktong abaka na isang dekada nang hindi nakakabawi sa mga peste. AB



# Mga katipunero noon, mga Pulang mandirigma ngayon

Sa paggunita sa itinuturing na pagsisimula ng armadong rebolusyon ng Katipunan noong 1896, kinilala ng mga rebolusyonaryo ang pag-aalay ng sarili at sakripisyo ng mga bayani at martir ng bagong demokratikong rebolusyon ng mamamayang Pilipino noong Agosto 31. Sila ang mga makabagong Katipunero na nagpatuloy sa hindi pa natatapos na pambansa-demokratikong rebolusyon.

Mula Cordillera hanggang Mindanao, sinaluduhan ng buong rebolusyonaryong kilusan ang mga Pulang mandirigma na nag-alay ng buhay para sa mamamayan at armadong paglaban.

Kinilala ng Katipunan ng mga Samahang Manggagawa sa Cordillera sina Philbert Dalang, Antonio Licawen (Ka Hicap), Wilfredo Aluba (Ka Hoben), Maritess Payangdo (Ka Gigi)—mga manggagawa at malamanggagawang naglingkod sa hukbong bayan—gayundin ang iba pang Pulang mandirigmang nag-alay ng buhay sa pakikibaka ng mga minorya at mamamayan.

Inihayag naman ni Ka Bayani Obrero ng National Democratic Front-Negros Island na ang dugo at sakripisyo ng mga martir ay higit na nagpapaliyab sa pakikibaka ng mga Negrosanon. Pinakahuli rito si Mitchel Fat (Ka Epi), na namatay noong Agosto 31. Nagsisilbi silang inspirasyon higit lalo sa panahon ngayon nang walang tigil na mga atake, pagpaslang at pananakot ng mga ahente ng estado kabilang na ang 89 na biktima ng ekstrahudisyal na pagpaslang sa isla.

Sa *Ang Kalihukan,* rebolusyonaryong pahayagang pangmasa ng North Central Mindanao, inalala ng mga rebolusyonaryong pwersa sa rehiyon ang 23 martir sa unang hati ng 2020. Kabilang dito sina Rio Amor Yuson (Ka Lima), kasapi ng Komiteng Rehiyon ng Partido, Gladys Joy Hiponia (Ka Andi), kasapi ng Rehiyunal na Istap sa Medikal at iba pang nasawi noong Mayo sa Gingoog City.

Iginawad naman ng Rehiyunal na Operasyon sa Komand ng BHB sa Southern Mindanao ang pinakamataas na rebolusyonaryong pagpupugay kay Prince Wendel Olofernes (Ka Do), Pulang kumander at rebolusyonaryong artista.

Kasabay nito, binigyan-pugay ng mamamayan si Andrea Rosal, dating bilanggong pulitikal at anak ng yumaong tagapagsalita ng Partido na si Gregorio Rosal (Ka Roger). Napatay siya sa isang labanan sa Brooke's Point, Palawan, kasama sina Bonifacio Magramo, Noel Siasico, Rona Manalo at isa pa noong Setyembre 3.

Pinagpugayan ng rebolusyonaryong kilusan ang mga dakilang Komunista na sina Julius Giron (Ka Nars), Randall Echanis, Fidel Agcaoili at iba pa na nakatatak ang pangalan sa rebolusyonaryong kasaysayan kasama ang mga bayani ng rebolusyong Pilipino. AB



## Protesta sa Bantayog ng mga Bayani

MAHIGIT 500 AKTIBISTA at tagapagtaguyod ng karapatang-tao ang nagtipon sa Bantayog ng mga Bayani noong Agosto 31 bilang paggunita sa Araw ng Pambansang mga Bayani.

Kinundena nila ang tuluy-tuloy na atake ng rehimen sa mga aktibista, kilalang kritiko ng gubyerno at mga kasapi ng oposisyon.

Bitbit din nila ang panawagan para sa malalim at independyenteng imbestigasyon sa magkakasunod na pamamaslang sa mga aktibistang sina Randall Echanis, Zara Alvarez, Carlito Badion, Jory Porquia at iba pang biktima ng ekstrahudisyal na pamamaslang.

Kasabay nito, inalala rin ng iba't ibang sektor ang pakikibaka ng mga martir ng sambayanan na nag-alay ng buhay para sa bayan. Pinarangalan nila ang mga manggagawang pangkalusugan at mamamayang patuloy na nakikibaka sa gitna ng pananalasa ng pandemyang Covid-19 at pasismo ng rehimen.

## FMO sa NCMR, aktibong nilabanan

NAGLUNSAD NG ANIM na magkakasunod na opensiba ang Bagong Hukbong Bayan-North Central Mindanao Region (BHB-NCMR) laban sa *focused military operation* o FMO ng Armed Forces of the Philippines sa rehiyon noong Agosto. Hindi bababa sa 10 sundalo ang napatay sa mga opensiba, kabilang ang dalawang upisyal.

Inatake ng BHB ang mga nag-ooperasyong sundalo sa Sityo Traktor, Barangay Mahagsay, San Luis, Agusan del Sur noong Agosto 2; Sityo Kalasungay, Barangay San Vicente, Esperanza noong Agosto 7 at muli sa Sityo Traktor noong Agosto 18; at dalawang beses sa Sityo Talabaw sa katabing barangay ng Binikalan noong Agosto 19.

Parehong tinyente ang napatay sa mga opensiba sa Barangay Bal-ason, Gingoog City, Misamis Oriental noong Agosto 14 at sa Sityo Kalasungay noong Agosto 26. Isang Pulang mandirigma ang namatay sa isa sa mga engkwentro.

# Perwisyong hatid ng kaliwa't kanang pangungutang ni Duterte




*Pangalawang bahagi ng serye kaugnay sa tuluy-tuloy na pangungutang ng rehimeng Duterte. Basahin ang unang bahagi, "Malakihang pangungutang sa ngalan ng pandemya," sa* Ang Bayan*, Agosto 21, 2020.*

Tinaya ng mga upisyal sa ekonomya ng rehimeng Duterte noong Agosto 26 na papalo na sa ₱10.16 trilyon ang kabuuang utang ng gubyerno sa katapusan ng 2020. Mas mataas ito nang 31% sa naitala noong nakaraang taon. Magiging bahagi nito ang dagdag na ₱160 bilyon na nakatakdang utangin ng rehimen ngayong buwan.

Para bigyang katwiran ang kaliwa't kanang pangungutang, paulit-ulit na pinalalabas ng rehimen sa publiko na muling pasisikarin ng malilikom nitong utang at pondo ang ekonomya. Gayunpaman, tulad sa nakaraan, malinaw na walang ibang idudulot ang pangungutang kundi ibayong pagkabangkarote na pangunahing papasanin ng mamamayan.

Sa susunod na taon, planong maglaan ng rehimen ng ₱531.5 bilyon para sa pagbabayad ng interes ng mga utang nito. Ang naturang halaga ay katumbas ng 12% ng ₱4.51-trilyong panukalang badyet sa parehong taon. Ibig sabihin, sa bawat sampung pisong gagastusin ng reaksyunaryong gubyerno, mahigit piso ay ipambabayad ng utang. Tinatayang tataas ang abereyds na interes sa pautang sa susunod na taon tungong 3-4.5% mula 2.5-3.5%.

Nakasaad sa panukalang badyet na katumbas nito ang muling uutangin sa parehong taon para direktang pondohan ang mga susing programang imprastruktura ng rehimen. Ito ay habang kulang na kulang ang inilaan nitong pondo para sa ayuda, pautang at iba pang serbisyo na direktang mapakikinabangan ng mamamayan para makaahon sa krisis pangkabuhayan dulot ng *lockdown* at pandemya.

Wala pa sa panukalang badyet ang ilalaan bilang pambayad sa prinsipal sa mga pautang. Ngayong taon, naglaan ang rehimen ng ₱582.1 bilyon para rito. Mula 2017, umabot na sa ₱3.25 trilyon ang inilaan ng rehimeng Duterte para bayaran ang utang ng reaksyunaryong gubyerno, 47% nito ay bayad sa interes.

**Awtomatikong pagbabayad**


Obligado ang reaksyunaryong gubyerno na maglaan ng malaking bahagi ng pambansang badyet para sa pagbabayad-utang. Itinatakda sa Automatic Appropriations Law ang awtomatikong paglalaan ng pondo para sa pagbabayad-utang bago maglaan para sa iba pang mga esensyal na operasyon, gastos at programa. Sa buong mundo, ang Pilipinas lamang ang may ganitong klase ng batas. Isinabatas ito ng unang rehimeng US-Aquino na nangakong babayaran "sa huling sentimo" ang mga inutang at kinurakot ng diktadurang Marcos.

Sa ilalim ni Duterte, tinatayang katumbas ng 22% ng pambansang badyet taun-taon ang inilalaan para sa pagbabayad-utang.

Lagi't laging kulang ang pondo kaya kadalasang hindi sapat ang inilalaang badyet para sa mga serbisyong panlipunan. Dahil sa labis na pagsalalay sa dagdag na pangungutang para agapan ang papalaking depisito nito sa badyet, nagkukumahog ang rehimen na sundin ang mga neoliberal na patakarang idinidikta ng mga imperyalistang bangko at institusyong pampinansya. Kabilang sa mga itinutulak ng rehimen ngayon ang pagpapataw ng dagdag na buwis sa mga batayang produktong pagkain gaya ng tuyo at nudels, at sa serbisyo ng mga plataporma	ng *digital* (Netflix, Facebook, Twitter, at iba pa). Obligado na ring magbayad ng buwis ang maliliit na negosyante sa *internet*. (*Basahin ang kaugnay na artikulo sa* Ang Bayan*, Hulyo 21.*)

Hindi na bago kay Duterte ang mga rekomendasyong ito. Bago pa man manalasa ang pandemya, masugid na niyang ipinatutupad ang ilan sa mga repormang neoliberal na ito upang makakuha ang Pilipinas ng "mataas na grado" sa mga nagpapautang. Ilan lamang sa mga pasakit na patakarang ipinatupad ng kanyang rehimen ang TRAIN at Rice Liberalization Law, repormang K-12, pribatisasyon ng mga pag-aari ng estado gaya ng paliparan sa Clark, mababang badyet at paggasta para sa kalusugan, edukasyon, at marami pang iba. AB

**Papalaking pagbabayad utang sa ilalim ni Duterte (₱ bilyon)**




*Pinagkunan: Department of Budget and Management. General Appropriations Act (2016-2017); National Expenditure Program 2021.*

## Agosto 26 1930

itinatag ang **unang Partido Komunista ng Pilipinas** sa pamumuno ni **Crisanto Evangelista**

## SA MADALING SALITA

Sa pagbubuo ng PKP, nagsimulang mulat na kumilos ang mga manggagawang Pilipino bilang isang uri. Pinamunuan nito ang pakikibaka ng masang anakpawis at ang laban sa kolonyalismo ng US.

## 2,969%

**Panukalang dagdag sa badyet** ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (**NTF-ELCAC**).

₱ 19.1 bilyon

sa 2021 mula

₱ 622.3 milyon

ngayong taon

## 200,000+

**kabuuang bilang ng mga nahawa ng sakit na Covid noong Agosto 26, mula 100,000+ noong Agosto 2.**

Dumoble ang bilang sa loob ng tatlong linggo habang nakapailalim ang NCR at apat na katabing prubinsya sa *modified enhanced community quarantine.*

## 5 sa 10 TAON

*LAMANG ANG IGUGUGOL SA KULUNGAN NI JOSEPH SCOTT PEMBERTON*

kung matutuloy ang utos ng korte noong Setyembre 1 na palayain siya, dahil umano sa "mabuting asal." Si Pemberton ang Amerikanong sundalong napatunayang pumatay sa *transgender* na si Jennifer Laude. Ikinulong siya sa espesyal na selda sa loob ng Camp Aguinaldo sa halip na sa karaniwang preso.

## ₱500

alok ng Sagittarius Mines, Inc. na upa sa bawat ektarya ng lupang miminahin sa Tampakan, South Cotabato

Kapalit nito: **375,000 toneladang tanso** at **360,000 onsang ginto**. Nainsulto at hindi tinanggap ng konsehong bayan ng Tampakan ang alok na anito'y napakaliit kumpara sa kikitain ng kumpanya.

*1 onsa= 0.0283 kilo*

## $43 BILYON

ang tayang personal na **kayamanan** ni **King Maja Vajiralongkorn** ng Thailand.

*Nakaimbak ito sa malalawak na lupaing komersyal, negosyo at mga alahas.* ***Pagwawakas sa monarkiya*** *sa Thailand ang* ***sigaw ng libu-libong kabataang*** *nagbabangon sa harap ng matinding di pagkakapantay-pantay at panunupil.*

## 25 TAONG PRANGKISA

ipinagkaloob ng Kongreso sa DITO TELECOMMUNITY noong Agosto 24, kumpanya sa telekomunikasyon na pagmamay-ari ng pinakamalapit na kroni ni Rodrigo Duterte na si Dennis Uy.

## Shinzo Abe

**Prime minister** ng **Japan** na **nagbitiw sa pwesto** noong Agosto dahil sa **paglubha ng kanyang sakit** at pangangailangan niyang magpagamot.

"Sana lahat", pagkutya ng mga Pilipino sa pagkakapit-tuko ng maysakit na si Rodrigo Duterte sa poder.

## JACOB BLAKE

Isang lalaking **Itim** na **binaril** at malubhang nasugatan ng **mga pulis** sa Wisconsin, USA noong Agosto 23. Siya ang pinakahuling biktima ng rasismo at brutalidad ng pulis na nagluwal ng makapangyarihang kilusang **Black Lives Matter**.

## 62 Internasyunal na organisasyon

nagsumite ng pinag-isang pahayag sa United Nations Human Rights Council noong Agosto 27 para manawagan na magsagawa ng independyenteng pagsisiyasat sa kalagayan ng karapatang-tao sa Pilipinas.

# Di nakakamit na hustisya para sa mga *desaparecido*

Tuwing Agosto 30, ginugunita sa buong mundo ang Pandaigdigang Araw ng Mga Desaparecido para alalahanin at ipaglaban ang hustisya para sa libu-libong biktima ng sapilitang pagdukot sa mga sibilyan at sikretong pagkulong at pagpatay sa kanila ng mga reaksyunaryong estado.

Sa Pilipinas, kabilang sa mga biktima ito si Elena Tijamo, isang maggagawang pangkaunlaran sa Central Visayas na dinukot ng mga ahente ng rehimeng Duterte sa Bantayan, Cebu noong Hunyo 13.

Inalala rin ng kanilang mga kapamilya at tagasuporta ang mga Manobong magsasakang sina Maki Bail at David Mogul na kasapi ng Kesasabanay Dulangan Manobo na dinukot sa Barangay Margues, Esperanza, Sultan Kudarat. Gayundin si Imelda Hayahay, isang lider-magsasaka na sapilitang isinama ng mga sundalo mula sa kanyang bahay sa Mabini, Compostela Valley. Mula noon ay hindi na siya nakita ng kanyang pamilya.

Dalawang taon na ang nakalilipas mula nang huling namataan sina Lora Manipis at Jeruel Domingo. Dinukot sila ng mga ahente ng estado habang bumibyahe sa Kabacan, North Cotabato noong Pebrero 2018. Si Manipis ay konsultant ng National Democratic Front-Far Southern Mindanao at ang kanyang asawang si Domingo ay Pulang mandirigma na kumilos sa Sarangani at South Cotabato.

Ang mga nabanggit ay kasama sa 13 na dinukot at di na inilitaw ng kasalukuyang rehimen. Kalahati ng mga *desaparecidos* sa panahon ni Rodrigo Duterte ay mula sa mga magsasaka at mga Lumad. Pagkaupo sa pwesto noong 2016, dalawang magsasakang Lumad ang dinampot ng mga ahente ng estado at gwardya ng kumpanyang mina noong Nobyembre 2016.

Bahagi ng sapilitang pagdukot ang pagtanggi ng mga nasa poder na may kinalaman sila sa pagkawala ng biktima, sa layuning pagkaitan sila ng nararapat na mga proseso at karapatan. Ang paglabag na ito na isinagawa kasabay ng mas masaklaw na atake sa mga sibilyan at kanilang mga komunidad ay itinuturing na krimen laban sa sangkatauhan. Sa Pilipinas, mahaba ang listahan ng mga *desaparecido* ng reaksyunaryong estado, mula pa sa panahon ng diktadurang Marcos hanggang sa rehimen ni Rodrigo Duterte. Ayon sa listahan ng Desaparecidos at Karapatan, mayroon nang 1,890 *desaparecido* mula panahon ng diktadurang US-Marcos hanggang sa kasalukuyan.

Pinakaunang naitalang biktima ng sapilitang pagkawala si Charlie del Rosario, isang guro sa dating Philippine College of Commerce (ngayo'y Polytechnic University of the Philippines) at isa sa mga tagapagtatag ng Kabataang Makabayan. Huling nakita si del Rosario noong Marso 19, 1971. Kasama siya sa mga nagkakabit noon ng mga *poster* nang damputin siya ng mga ahente ng rehimeng Marcos.

Naitala ang halos 43% ng sapilitang pagkawala sa ilalim ng rehimeng Corazon Aquino, habang ipinupostura ang sarili bilang nagwakas sa diktadura ni Marcos. Namayagpag sa ilalim ng rehimen ang mga grupong *vigilante* tulad ng "Alsa Masa" na sinulsulan at itinayo ng Armed Forces of the Philippines. Ang mga grupong ito ang responsable sa sapilitang pagkawala ng mga aktibista at tagapagtanggol ng karapatang-tao.

Sa ilalim ng rehimeng US-Arroyo, naitala ang pinakamaraming bilang ng *desaparecido* na konsultant ng NDFP. Sa panahong tinapos ng rehimen ang usapang pangkapayapaan, 11 nang konsultant at kanilang mga kasama at kapamilya ang dinukot at di na inilitaw. Kabilang dito ang mag-amang Rogelio at Gabriel Calubad, ang mag-asawang Prudencio Calubid at Celina Palma, kanilang pamangkin na si Gloria Soco, at ang upisyal ng PKP na si Leo Velasco. Sa pamumuno ng berdugong heneral ni Arroyo na si Jovito Palparan, naganap din sa mga panahong ito ang sunud-sunod na pagdukot at pagkawala ng mga aktibista sa Central Luzon tulad ng mga estudyante ng University of the Philippines na sina Sherilyn Cadapan at Karen Empeño, at ang anak ng isang batikang mamamahayag na si Jonas Burgos.

Hanggang ngayon, lahat sila'y hinahanap ng kanilang mga kapamilya at pinagkakaitan ng hustisya. AB

### Kalupitan ng AFP sa mga Aeta ng Zambales


NAPILITANG LUMIKAS ANG 190 pamilyang Aeta tungong Barangay Aglao sa San Marcelino, Zambales noong Agosto 21 matapos bombahin ng militar gamit ang apat na helikopter ang kanilang komunidad sa Barangay Buhawen. Karamihan sa mga bakwit ay bata.

Siyam na residente, kabilang ang apat na menor de edad, ang iligal na ikinulong ng mga sundalo ng 703rd IBde sa paratang na mga myembro sila ng Bagong Hukbong Bayan. Sina Witi Ramos, Jepoy Ramos, at Nalin Ramos ay inaresto at tinortyur. Sa sukdulang kalupitan, pinwersa ng mga sundalo si Nalin Ramos na kumain ng tae.

Winasak ng pambobomba ang mga sakahan at mga lugar ng pangangaso ng mga Aeta. Kinatay at pinagkakain din ng mga sundalo ang mga alagang hayop ng mga katutubo.

Hinahawan ng mga sundalo ang daan para muling makapag-opereyt ang apat na dambuhalang kumpanya sa mina na isinuspinde noong 2017 dahil sa matinding pinsala sa kalikasan.

# Lokal na industriya sa parmasyutika, dominado ng dayuhang mga kumpanya



Inilantad ng pandemyang Covid-19 ang kawalang-kakayahan ng Pilipinas para sa pananaliksik at pagmanupaktura ng mahahalagang gamot at bakuna. Sa pahayag mismo ng Department of Science and Technology noong Agosto, walang pasilidad ang Pilipinas para sa pananaliksik ng bakuna laban sa Covid-19. Bago ang pandemya, wala ring kumpanya, lokal o dayuhan, ang nakapagmamanupaktura ng anumang bakuna sa loob ng bansa. Sa ngayon, hanggang sa pagpapakete lamang ng mga bakuna sa mga *vial* para sa indibidwal na gamit ("fill and finish") ang kahandaan ng mga lokal na kumpanya.

Tulad ng ibang batayang sektor ng industriya ng Pilipinas, dominado ng dayuhang mga kumpanya ang sektor ng parmasyutika sa Pilipinas. Sa isang ulat noong 2014, 75% ng lokal na merkado para sa mga gamot at gamit medikal ay hawak ng Pfizer (US), GlaxoSmithKline o GSK (UK), Boehringer (Germany), Sanofi (France), Abbott (US), Novartis (Switzerland), Johnson&Johnson (US), Roche (Switzerland), Merck (US) at Bayer (Germany).

Liban sa GSK, walang lokal na produksyon ang mga ito sa bansa. Ang ibang dayuhang kumpanya, tulad ng Pfizer at Wyeth, ay mayroong kontrata sa pagmamanupaktura sa Interphil Laboratories, isang subsidyaryo ng Manchester Holdings (US) at bahagi ng Zuellig Group of Companies (Switzerland). Hawak ng kumpanyang ito ang pagpoproseso, pagtatatak at pagpapakete (tinatawag na *toll manufacturing*) ng mga gamot at di-gamot na produkto ng pinakamalalaking 16 na dayuhang kumpanya para sa lokal na merkado at ibang bansa sa Asia. Sangkatlo ng lokal na suplay ng mga dayuhang gamot ay pinoproseso ng planta nito sa Canlubang, Laguna.

Apat lamang sa pinakamalalaking kumpanya sa parmasyutika ang matatawag na lokal o may lokal na produksyon. Isa nito ay lokal na subsidyaryo ng isang kumpanyang US at ang tatlo pa ay pagmamay-ari ng lokal na burgesya-kumprador.

Alinsunod sa mga datos noong 2014, tinatayang mayroong 65 na lokal na kumpanyang parmasyutikal ang sangkot sa *toll manufacturing*. Halos lahat ng ginagamit ng mga ito na materyal (95%) ay inaangkat sa iilang bansang nagpoprodyus ng batayang sangkap at kemikal. Kadalasan, ang mga kumpanyang ito ay katamtaman ang laki at pagmamay-ari ng lokal na mga pamilya. Mga halimbawa nito ang AM-Europharma, AD Drugstel, Euro-med, Lloyd Laboratories, Hizon Laboratories, Swiss Pharma, Ace Pharmaceuticals at Allied.

Noon ding 2014, dalawa lamang sa mga lokal na kumpanya sa parmasyutika, ang Unilab at Pascual Laboratories, ang nagmamanupaktura ng sariling gamot. Nakatuon ang Unilab sa paghahalo at pagpapakete ng mga gamot na karamihan ay *generic* (mga gamot na matagal na sa merkado o yaong hindi na saklaw ng *patent* o eksklusibong pagmamay-ari ng isang kumpanya ang pormula) gamit ang inangkat na hilaw na mga materyales. Halimbawa sa mga materyales na ito ang *paracetamol*, ang batayang sangkap (tinatawag na *active pharmaceutical ingredient* o API) ng Bioflu, Tuseran at Skelan, na pangunahing sinusuplay ng India at China. Ang Pascual Laboratories naman ay nagmamanupaktura ng mga bitamina at gamot na *herbal* mula sa sariling sakahan sa Nueva Ecija.

Gayunpaman, malaki-laki pa rin ang produksyon ng mga ito ang nakatuon sa pagmamanupaktura para sa may tatak na mga gamot, partikular ng bagong mga *antibiotic* at *steroids*. Mayroong 6,000 manggagawa na nagtatrabaho sa limang malalaking pabrika ng Unilab, dalawa nito ay nakapokus sa *toll manufacturing*. Pagmamay-ari ang kumpanya ng lokal na burgesya-kumprador na pamilyang Campos. Limitado sa iilang bansa at kum–

*"Lokal...," sundan sa pahina 10*

### Abot-langit na presyo ng dayuhang mga gamot

MAS MARAMI ANG gawa ng mga dayuhang kumpanya sa lahat ng kategorya ng gamot (*antibiotic*, kontra-altapresyon, kontra-kanser at iba pa) kumpara sa mga lokal na kumpanya. Sa pangkalahatan, ibinebenta ang mga ito nang 30%-80% na mas mahal sa mga *generic* na gamot.

Dagdag sa napakatataas nang presyo ang 25%-45% na patong ng lokal at dayuhang mga distribyutor para sa mga gamot na may orihinal na tatak at halos 60% sa mga *generic* na may tatak (*branded generic*). Resulta nito ang halos isang libong ulit na mas matataas na presyo ng gamot sa Pilipinas, kumpara sa ibang bansa sa Asia.

Halimbawa nito ang isang bote ng 150mg na 100 tableta ng Zantac (gamot sa ulser) ng GSK na nagkakahalaga ng $95 sa Pilipinas habang $3 lamang ito sa India.

Monopolisado rin dng mga dayuhang kumpanya ang mga *diagnostic agent* (mga gamot at kemikal na pantulong para sa pagtukoy ng sakit).

## Lider-lumad, pinaslang sa North Cotabato

Brutal na pinatay si Bae Imelda Ansabo, 50, ng pinaghihinalaang mga myembro ng paramilitar na Bagani at Black Fighters sa Barangay Mahongkog, Magpet, North Cotabato noong Agosto 23, alas-2 ng hapon.

Papunta sa kanyang sakahan si Ansabo kasama ang kanyang buntis na anak nang tambangan siya ng mga salarin. Matapos barilin sa likod ay pinagtatataga ang biktima. Kilalang lider-Manobo si Ansabo na matatag na lumaban sa pandarambong at iligal na pagtotroso sa kanilang lupaing ninuno.

Noong Agosto 17, inaresto ng mga pulis at sundalo ng 72nd IB si Gloria Lanutan, 62, sa parehong bayan. Pinaratangan siyang may kaugnayan sa Bagong Hukbong Bayan at tinamnan ng ebidensyang pasabog bago sinampahan ng inimbentong kaso at ikinulong.

Laganap din sa isla ng Negros ang iligal na pag-aresto sa mga sibilyan dahil sa paratang na myembro ng BHB. Sa Negros Oriental, dalawang sibilyang residente ng Guihulngan City ang biktima ng 62nd IB noong Agosto 24. Sa Negros Occidental, apat na magsasaka ang pinaratangan ng 94th IB na kasapi ng BHB matapos paputukan ang kanilang mga bahay at pagnakawan noong Agosto 26 sa Barangay Carabalan, Himamaylan City.

Militarisado naman ang Mountain Province. Limang barangay sa Sagada, dalawa sa Bauko, at tatlo sa Bontoc ang okupado ng mga sundalo ng 54th IB mula Oktubre 2019. Nagtayo rin ng kampo sa hangganan ng Sagada at Besao. Tuluy-tuloy din ang mga operasyong kombat sa mga lugar na nabanggit. AB

### Panggigipit sa mga lider masa, sunud-sunod

INARESTO NG PINAGSAMANG pwersa ng pulis at militar si Nelsy Rodriguez, tagapangulo ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan)-Camarines Sur sa loob ng upisina ng grupo sa Bagumbayan, Naga City noong gabi ng Setyembre 6.

Nagpakilalang manggagawang pangkalusugan ng barangay ang isang babaeng ahente para makapasok sa upisina. Sinundan siya ng walong nakasibilyang pulis na naghapag ng mandamyento de aresto sa gawa-gawang kasong pagpatay. Dinala si Rodriguez sa bayan ng Labo para iharap sa korte. Pangatlo na siya sa mga lider masa ng Bicol na di makatarungang inaresto.

Sa Panay, gawa-gawang kaso rin ng kasong pagpatay at bigong pagpatay ang isinampa kay Elmer Forro, pangkalahatang kalihim ng Bayan-Panay noong Setyembre 5. Pilit na pinalalabas ng militar na may kaugnayan siya sa isang ambus ng Pulang hukbo sa mga tropa ng 301st IBde noong Abril 7 sa Lambunao, Iloilo.

Samantala, sinampahan ng Kadamay ng kasong pagnanakaw at *gross misconduct* noong Agosto 28 ang hepe ng PNP-Central Luzon at 11 pang pulis sa Pandi, Bulacan. Kaugnay ito ng arbitraryong pangungumpiska ng mga pulis sa dyaryong *Pinoy Weekly* sa upisina ng Kadamay sa Pandi noong Hulyo. Bago nito, tumungo ang mga myembro ng grupo sa Quezon City Hall para iparating ang kanilang mga hinaing sa ilalim ng *lockdown*.

### Ayuda, taas-presyo ng kopra, ipinanawagan

NAGPROTESTA ANG DAAN-DAANG magniniyog sa harap ng Philippine Coconut Authority sa Legazpi City, Albay noong Agosto 20 para manawagan ng dayalogo, ayuda, pagtataas sa presyo ng kopra, at kagyat na pagbabalik sa kanila ng pondong *coco levy*.

Itinaon ang protesta sa ika-47 taon ng Presidential Decree 27 na nagpataw ng koleksyon ng pondo ng *coco levy* sa mga magniniyog. Tinatayang aabot na ito sa ₱76-100 bilyon.

*"Lokal...," mula sa pahina 9*

panya ang pagmanupaktura at pagproseso ng mga API na ginagamit sa iba't ibang klase ng gamot. Kabilang sa pinakamalalaki ang mga multinasyunal na kumpanya ng US at Europe, at mga kumpanya sa India at China.

Ang ibang lokal na kumpanya sa parmasyutika ay limitado sa pagpapakete, distribusyon at pagbebenta. Halimbawa nito ang Natrapharm, Medhaus Pharma, GX International, Prohealth Pharma at Cathay Drug.

Dumadaan sa Zuellig Pharma (kasosyo ng Interphil Laboratories) ang distribusyon sa mayorya (85%) ng mga gamot at di gamot na produkto ng mga dayuhang kumpanyang parmasyutikal. Nakopo naman ng Mercury Drugstore ng pamilyang Que ang 60% ng pagtitingi ng mga ito, kasunod ang mas maliliit na botika tulad ng The Generics Drugstore ng mga Ayala, mga Botika ng Bayan ng gubyerno at mga ospital.

Noong 2014, may rehistradong 500 nagkakalakal ng gamot, 700 nag-aangkat at 5,000 distribyutor ng gamot sa Pilipinas. Noong hindi pa nagkapandemya, tinayang lalaki ang benta ng mga kumpanya sa parmasyutika tungong $4.1 bilyon (₱205 bilyon) sa 2020, mula sa $3.6 bilyon (₱180 bilyon) noong 2016. Wala pa rito ang tinatayang halaga para sa pagpapabakuna ng populasyon ng Pilipinas laban sa Covid-19 na maaaring umabot sa ₱110 bilyon. AB